THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 GROUND BREAKING CEREMONY OF THE DETENTION AND FACILITIES AT CALAPAN CITY DISTRICT JAIL, DINALUHAN NG MAYOR NG CALAPAN

VOLUME 3 No. 06 Dec. 18, 2023 - Dec. 24, 2023

# OMNHS SPECIAL PROGRAM IN THE ARTS (SPA) DINNER FOR A CAUSE



ISA si City Mayor Malou Flores-Morillo sa mga Calapeño na nakiisa at sumuporta sa Dinner for a Cause na proyekto ng Oriental Mindoro National High School – Special Program in the Arts (SPA) na pinapangunahan ni Ms. Rhodora Belen Barohabo, SPA Coordinator na isinagawa sa OMNHS Gabaldon Building noong Sabado ng Gabi, Disyembre 16, 2023.

Ikinagalak ni Mayor Malou na muling makita sa okasyon ang kanyang mga kasamahan at kaibigan na bibihira lamang niyang makasalamuha. Kanya ring pinuri at hinangaan ang inisyatibang ito ng OMNHS sa pamumuno ni Dr. Nimrod Bantique, Principal IV, na ang layunin ay mabigyang suporta ang mga mag-aaral sa ilalim ng SPA upang higit pa silang maging mahusay sa larangan sining, pag-awit at pagsasayaw.

Naaliw naman habang kumakain ang mga panauhin sa pamamagitan ng mga pagtatanghal mula sa Buaywa Folkloric Dancers, Cantabile Senior and Junior High School Choir at OMNHS Rondalla.

Nagpamalas din ng talento ang SPA Teachers gayundin si Mr. Najeeb Fajardo na kilalang mahusay na Saxophonist (Junard Acapulco/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM





TINGNAN: Higit na nagningning ang bawat booth na replika ng mga landmark ng mga bansa sa Europa sa Kapitolyo matapos sumailalim sa final judging nooong Disyembre 16.

Nanguna sa overall result ang booth ng Cologne, Germany bilang first place. Pumangalawa ang booth ng Prague, Czeck Republic at pumangatlo ang Copenhagen, Denmark. Sumunod dito ang Valkenburg, Netherlands, 4th place; Vienna, Austria, 5th place; Stockholm, Sweden, 6th place; Brussels, Belgium, 7th place; Birmingham, England, 8th place; Strasbourg, France, 9th place at Riga, Latvia, 10th place.

Matapos ang isinagawang awarding sa pangunguna ni Gobernador Bonz Dolor at ng kanyang maybahay First Lady Hiyas Govinda Dolor, nag ikot ang mga ito sa bawat booth.

Naging hurado naman sa final round sina Pinamalayan Tourism Officer, Randy S. Rodil, Julie Ann Santos Ulip at Ma. Valentina Famela M. Telmo. (PIO Oriental Mindoro)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# GROUND BREAKING CEREMONY OF THE DETENTION AND FACILITIES AT CALAPAN CITY DISTRICT JAIL, DINALUHAN NG MAYOR NG CALAPAN

PERSONAL NA DUMALO si City Mayor Marilou Flores-Morilllo, kasama si Provincial Administrator, Dr. Hubert Christopher Dolor sa isinagawang "Ground Breaking Ceremony of the Detention and Facilities at Calapan City District Jail" na ginanap sa Sitio Baba, Brgy. Sapul, Calapan City District Jail, noong ika-19 ng Disyembre.

Pinangunahan ni Rev. Fr. Wilfredo B. Villas ang pagbabasbas sa ipapatayong bagong detention center at iba pang mga pasilidad sa Calapan City District Jail, kung saan nasa kabuuang P19,983,841.95 milyon ang inilaang pondo para rito ng Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro, sa pamamagitan ng pagsuporta ni Governor Humerlito "Bonz' Dolor.

Ang naturang aktibidad ay dinaluhan at sinaksihan din ng mga opisyales ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)-MIMAROPA, kung saan kabilang dito sina Jail Senior Superintendent Ruelito M. Bobadilla, Asst. Regional Director for Administration, at Jail Chief Inspector Randie C. Abril, Acting District Jail Warden, kasama ang iba pang mga kinatawan. Tiyak na makatutulong ang ipapatayong gusali sa mga Person Deprived of Liberty (PDL), gayundin sa mga opisyal na nangangasiwa sa Calapan City District Jail (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# WANDO GUN AND CITY OF CALAPAN MEMORANDUM OF UNDERSTANDING/ AGREEMENT CEREMONY SEASONAL WORKER PROGRAM-FISHERIES

THROUGH the Memorandum of Understanding/ Agreement Signing Ceremony, the City of Calapan, Philippines, and the County of Wando, Korea, jointly agreed to strengthen mutual exchange, cooperation, and support in each field, including mutual culture, society, economy, and investment, and to supply seasonal workers to agriculture and fisheries villages in the County of Wando, Korea.

The Memorandum of Understanding/Agreement was signed by City Mayor Marilou Flores-Morillo and Mayor of the County of Wando, Shin Woo Chul.

This activity was also witnessed by City Administrator, Atty. Reymund Al F. Ussam, City P.E.S.O. Manager, Dr. Eder Apolinar M. Redublo, and OIC, Fisheries Management Office, Mr. Robin Clement M. Villas.

They were also joined in this activity by Mr. Jay An (VP, Manila Koreatown Association), Mr. Jeong Inho (Director of Wando Population Job Policy Office), Mr. Kim Jihun (Officer in Charge / Seasonal Labor Manager of Wando Population Job Policy Office), and Mr. Kim Young Gyoon (Leader, Investment Team) (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 06 Dec. 18, 2023 - Dec. 24, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# ANAK NG TEATRO CHRISTMAS PRESENTATION

AWIT, SAYAW, DRAMA at marami pang ibang talento ang ipinakita ng Anak ng Teatro nang sila naman ang tumuntong sa entablado para sa Christmas Nightly Shows na kabilang sa mga nakalinyang aktibidad kaugnay ng nalalapit na pagdiriwang ng Sto. Niño de Calapan Festival 2023-2024. Sa Calapan City Plaza Pavilion, ganap na alas-syete ng gabi, Disyembre 19, 2023 ay muling namalas ng mga Calapeño ang angking husay sa pagtatanghal ng Anak ng Teatro na binubuo ng mga piling kabataan na mula sa iba't ibang paaralan, simbahan at komunidad sa buong Lungsod ng Calapan. Sinimulan nila ang kanilang presentasyon sa pamamagitan ng musical stage play na sinasaliwan ng tugtog mula sa live band. Habang marami ang napaiyak sa madamdaming drama na ang istorya ay hinango mula sa tunay na buhay na nilapatan ng awiting pamasko na orihinal na katha ng isa sa kanilang miyembro.

Lahat ay napapasabay sa walang humpay na awitan at sayawan na nagbigay sigla sa mga manunuod. Lalo pang uminit ang gabi dahil sa 'fire dance show' na ipinamalas sa kalagitnaan ng palabas.

Maliban sa iba't ibang genre ng sayaw gaya ng hip-hop at jazz ay bumida rin dito ang nakakaliw na interpretative dance. Inabot man ng kalaliman ng gabi subalit tila hindi naubusan ng enerhiya ang mga Anak ng Teatro na ganado pa rin hanggang sa dulo ng kanilang pagtatanghal.

Ang Christmas Nightly Show ay inisyatiba ng Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni City Mayor Malou Flores-Morillo na pinapangasiwaan ng City Tourism, Culture and Arts Department na ang layunin ay bigyang kasiyahan ang taumbayan habang naipapakita ang talento ng iba't ibang grupo at organisasyon sa lungsod ng Calapan (Junard Acapulco/CIO).





